

Language: Tagalog

**FTC & FDA: Warnings sent to sellers of scam Coronavirus treatments**

## **FTC at FDA: Nagpadala ng mga babala sa mga nagbebenta ng mga mapanlinlang na paggagamot sa Coronavirus**

sinulat ni Colleen Tressler

Espesyalista sa Edukasyon ng Mamimili (Consumer Education Specialist), FTC

Noong nakaraang buwan, pinaalalahanan ka naming mag-ingat sa mga scammer na sinasamantala ang takot na nakapalibot sa Coronavirus. Ngayon, mayroon kaming update.

Magkasamang naglabas ng sulat na nagbibigay ng babala ang FTC at FDA sa pitong nagbebenta ng hindi inaprubahan at may maling tatak na produkto, na nagsasabing magagamot at makakapagpaiwas sila sa Coronavirus. Kabilang sa mga produkto ng mga kumpanya ay ang mga tsaa, essential oil, at colloidal silver. Ipinahayag ng FTC na walang ebidensya ang mga kumpanyang nagpapatunay sa kanilang mga sinasabi — gaya ng iniaatas ng batas. Ipinahayag ng FDA na kasalukuyang walang mga inaprubahang bakuna, gamot o pinag-aaralang produktong makakagamot o makakapagpaiwas sa virus.

Ang pitong kumpanya ay

- Vital Silver
- Aromatherapy Ltd.
- N-ergetics
- GuruNanda, LLC
- Vivify Holistic Clinic
- Herbal Amy LLC
- The Jim Bakker Show

Bilang bahagi nito, inaatasan ng mga sulat ang mga kumpanyang abisuhan ang FTC sa loob ng 48 oras ng mga espesipikong aksyong kanilang isinagawa upang tugunan ang mga pag-aalala ng ahensya. Susubaybayan ng FTC at FDA ang mga kumpanyang hindi gumawa ng mga naaangkop na pagtatama. Patuloy na susubaybayan ng dalawang ahensya ang social media, mga online marketplace at mga dumarating na reklamo upang makatulong sa pagsigurong ang mga kumpanya ay hindi patuloy na nagbebenta ng mga mapanlinlang na produkto sa ilalim ng ibang pangalan o ibang website.

Language: Tagalog

Ipinahayag ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) na ang iyong pinakamahusay na depensa laban sa Coronavirus ay:

- Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa ng 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may alkohol. Laging hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig kung kitang-kitang marumi ang mga ito.
- Iwasan ang paghipo sa iyong mukha, lalo na sa iyong mga mata, ilong at bibig, ng mga hindi nahugasang kamay.
- Iwasan ang malapit na ugnayan sa mga taong may sakit.
- Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit.
- Takpan ang iyong pag-ubo o pagbahing gamit ang tisyu, at pagkatapos ay itapon ang tisyu sa basurahan.
- Linisin at i-disinfect ang mga madalas na nahahawakang gamit at ibabaw gamit ang regular na panlinis sa bahay na spray o wipe.
- Sundin ang mga rekomendasyon ng CDC para sa paggamit ng facemask.
  - Hindi inirerekomenda ng CDC na gumamit ang mga taong may mabuting kalagayan na magsuot ng facemask upang protektahan ang kanilang mga sarili mula sa mga panrespiratoryong sakit, kabilang ang COVID-19.
  - Dapat gamitin ang mga facemask ng mga taong nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 upang makatulong sa pagpigil sa pagkahawa ng sakit sa iba. Ang paggamit ng mga facemask ay napakahalaga rin para sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at mga taong nagbibigay ng pangangalaga sa mga saradong kapaligiran (sa tahanan o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan).
- Manatiling may kaalaman. Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa, bisitahin ang Mga Madalas na Itanong na pahina ng CDC. Bisitahin ang FDA upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa pagpapaunlad at pag-apruba ng mga paggamot para sa coronavirus.

Kung nahihikayat kang bumili ng isang hindi napapatunayang produkto o isang may mga kinukwestyong pahayag, alamin muna sa iyong doktor o ibang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Gusto mo ba ng impormasyon tungkol sa mga pinakabagong scam na nakikita namin? Mag-sign up para sa aming mga abiso sa mamimili. Nakakita ng produktong nagsasabing ito ay panggamot, lunas o magpapaiwas sa Coronavirus? I-report ito sa FTC sa [FTC.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint).